

Panitikang Bikol at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa

Bikol Literature and the Building of a National Literature

Paz Verdades M. Santos

Ateneo de Naga University, Pilipinas
doodsantos@yahoo.com

Abstrak: Sinisiyasat dito ang mga terminong rehiyonal at pambansang panitikan at kaugnayan ng dalawa. Iminumungkahi ang ibang talinghaga ng kaugnayan ng rehiyon at bansa upang maiwasan ang pag-iisip na baynari. Tinatalakay rin ang mga suliranin at hinaharap ng panitikan ng rehiyong Bikol sa kasalukuyang kritikal na panahon.

Mga Susing Salita: Bikol, panitikan, bansa, rehiyon, baynari

Abstract: *Regional and national literature are terms studied in this article. Other metaphors to describe the relationship between the terms are suggested to avoid binary thought. The problems and prospects of Bikol literature in the present critical period are also discussed.*

Keywords: *Bikol, literature, nation, region, binary*

Layunin ng artikulong ito na suriin ang papel ng panitikan mula sa rehiyon ng Bikol sa pagbuo ng panitikang pambansa, paksang hiniling ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa tatlong araw na Pambansang Komperensiya sa Wika at Panitikang Bikol sa Central Bicol State University of Agriculture sa Pili, Camarines Sur noong 6 Abril 2017. Layunin naman ng komperensiya ang pagtampok sa wika at panitikang Bikol at pagtalakay sa kinakaharap nitóng mga isyu at pagbabago.

Simulan natin ito sa mga batayang konsepto at

pananaw ukol sa bansa at rehiyon, dahil nakapaloob ang dalawang terminong iyan sa paksa.

Una, *baynari ang bansa/rehiyon*. May gatla sa pagitan ng bansa at rehiyon, at may pribilehiyo sa diskurso ang unang kataga sa huli. Malinaw ito sa mismong pamagat ng paksang ito na itinakda ng KWF. Baynari ang bansa/rehiyon na nasa proseso ng dekonstruksiyon dahil proyekto pa naman talaga ang pagbubuo ng bansa, lalo na sa kritikal na panahong ito.

Pangalawa, sa persepsiyon ng di-iilan, karaniwang *conflated o pinag-isa ang baynari na bansa/rehiyon*

sa isa pang baynari, sentro/rehiyon. Tulad ito ng sinasabing baynari na tagabayan/ tagabukid ng Pambansang Alagad ng Sining na si Bienvenido Lumbea. Hindi ito reklamo laban sa “Imperial Manila,” kung hindi pagsasaad ng kongkretong katotohanan, sa ekonomiya man, politika, o panitikan. Halimbawa na lang, sa politika at ekonomiya, nakapanghihina ng loob na hanggang ngayon, hindi sapat ang pagkain, kulang ang akses sa inumin, at hindi nakapag-aaral ang mga bata dahil walang pantustos sa ilang bayan sa Masbate, Sorsogon, at Camarines Sur. Tatlong dekada ito pagkatapos ng EDSA.

Sa panitikan, sa karamihan ng teksbuk, halos ang nakasulat lamang sa Ingles ang itinuturo sa araling Philippine Literature dahil itinuturing ang panitikan bilang paraan upang matuto ng wikang Ingles. Aklat ni Fr. Croghan na lahat Ingles ang akda, ang naging teksbuk ng marami. Sa Panitikan naman na tinuturo sa mga kagawaran ng Pilipino, karamihan na ang mga nagsusulat lamang sa Tagalog-based Filipino ang tinatalakay. Sinabi ng manunulat at kritikong si Isagani Cruz na dapat labanan ang lahat ng uri ng gahum, kahit ang gahum ng Tagalog (Bayot, 76) sa panitikang pambansa, at ganoon din ang sinabi ni Priscelina Patajo-Legasto tungkol sa “Literatures from the Margins” (Pantoja-Hidalgo, 51-54).

Napakatagal na panahon na walang lugar ang mga sulatin mula sa rehiyon sa mga teksbuk at kurso na panitikan ng Pilipinas. Buti at naiutos ng CHED ang pagbabago sa kurikulum sa Memorandum noong 1996-1997:

All Philippine literature courses should have regional literatures at their core and as their primary focus... care should be taken to ensure adequate attention to literary texts and authors outside the National Capital Region. In no case should Philippine literature be identified exclusively with either Philippine literature in Tagalog or Philippine literature in English.

at

Texts originally written in the vernacular language of the region where the HEI is located should be read in that language.

May pagbabagong kaunti na makikita sa mga aklat. Kinilala ni Lumbea na wala o kulang ng puwang

para sa mga rehiyon at wika sa mga naunang aklat, kasama na ang teksbuk niya na *Philippine Literature: A History and Anthology* na unang nalathala noong 1982, kaya nga’t nagbuo siya ng pangalawang aklat na *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions* noong 2001. Ngunit kapansin-pansin din na hiningan niya ang 11 niyang mga rehiyonal na editor ng mga halimbawa ng “oral lore, region-specific and nation-related writing calculated to best represent the character and flavor of the literary achievement in that locality” (2001, vi). Hindi naman mali, ngunit malinaw pa ring baynari ang bansa/rehiyon.

Sa Ateneo de Davao, naglathala sina Pamela Castrillo, et al. (2005) ng aklat para sa pagtuturo ng panitikan; ginawa nilang sentro ang panitikan ng Mindanao at iginilid ang panitikan ng ibang rehiyon, lalo na ang Maynila. Nasa proseso ngayon ng pagsusulat muli ng kasaysayan ng pambansang panitikan, upang maisama ang panitikan na nakasulat o galing sa mga rehiyon. May ilan pa ring binuong teksbuk, na ang estruktura, nakabatay sa CHED pamphlet: Region I, II, pababa sa Region XIII, at ang pinakahuling rehiyon ang NCR.

Ikatlong batayang pananaw: *nililintang pa ang pambansang panitikan*. Sa mga pagsisikap ng mga rehiyon na matiyak ang rehiyonal na kanon mabubuo ang isang komprehensibo at representatibong Panitikan ng Pilipinas. Proyeklong panrehiyon ang ebolusyon at paglalatatag o *grounding* ng mga konsepto tulad ng wika at estetika. Mabubuo ang Bansa sa tunggalian at pagsasanib ng mga rehiyonal na wika at kultura. May mga aspekto ng rehiyon na maaring manatili o maiiwan o maitatapon, depende sa mga salik sa politika at ekonomiya na dumadaloy at nagbabanggaan. Maghahalo at maaaring maging mas magkatulad ang lahat ng ito sa huli. *The nation eventually homogenizes the regions*.

Ganito ang nangyari sa malalakas na bansa sa Kanluran; hindi na isyu ang panitikan ng mga rehiyon o estado. Halimbawa, wala pang *mainstream* o madalas ginagamit na teksbuk ng Estados Unidos na nahahati sa mga kabanatang Panitikan ng Texas, Washington, Mississippi, Hawaii, o New York, kahit may panitikang galing sa mga lugar na iyon. Ganoon din sa Panitikang Anglo, na kasama ang mga makatang Scot na si Robert Burns at Irish na William Butler Yeats sa mga sulatin na galing London, at napapayungan ng terminong Panitikang Anglo. Hindi isyu ang rehiyon o probinsiya;

mas isyu sa mga bansang ito ang sagigilid na panitikan ng lahi o kulay, kasarian, o seksuwalidad, halimbawa ng panitikang Afro-American, migrante, kababaihan, at LGBT. Iyon pa ang may mga hiwalay na aklat o seksiyon sa mga aklat upang mapasama ang mga nagilid na sektor sa diskurso ng bansa.

Sa isa pang panitikang panrehiyon, ang panitikan ng Mindanao tri-people, ibang-iba ang mga kuwento ng mga Moro at ng mga Lumad sa kuwento ng mga Kristiyano. Mas tulad pa ng mga kuwentong Muslim sa partikular ang mga kuwento galing sa Malaysia, Indonesia, at Singapore kaysa mga kuwentong Filipino (Santos 2009a). Tila pagpapatotoo ito sa pananaliksik ni Abbahil na hindi itinuturing ng mga Moro sa Mindanao ang sarili nila bilang Pilipino kung hindi bilang mga Maranao o Tausug o Maguindanao, tribu muna bago bangsa (1994).

Sa kabilang banda, may harayang bansa o *imagined nation*, ang nasa mainstream Pilipinas kasama na ang Bikol. Pilipino muna, at pangalawa, Ilokano o Bisaya o Bikol ang mga nasa kalakhang bahagi ng Pilipinas. Sasabihin ng Pilipino sa ibang bansa na Pinoy at Pinay sila bago pa man nilang sabihin na taga Baguio o Bikol o Cebu sila. Tila may harayang komunidad din ang Bikol kung paniniwalaan ang sinulat ni Conrado De Quiros sa kolum niyang *There's the Rub*, "Regions of the Mind" at "Bikolanos." Sasabihin daw ng isang Bikolnon na taga-Bikol muna siya bago sabihing taga-Albay, Camarines Sur, Masbate, atbp. Itinuturing nila ang sarili nila bilang Pilipino, na ang Bikolnon ay Pilipino rin. Datapwat kailangan pa ito ng masusing pag-aaral mula sa iba't ibang pananaw ng sosyo-antropolohiya, kapansin-pansin sa panitikang Bikol na may harayang Bikol at harayang bansa.

Ito naman ang ikaapat na pananaw: *pambansang panitikan ang tinatawag na panitikang Bikol*. Pambansang panitikan ang panitikang Bikol, na hinahabi pa rin naman. Maari ring sabihing wala pang pambansang panitikan, at wala pang panitikang Bikol, bagkus may mga Bikolnon na Pilipinong nagsusulat sa iba't ibang wikang Bikol, sa Filipino, Ingles, at Kastila noon, at binubuo nila ang pambansang panitikan.

Noong 1995, sabi ni Lumbera na

ang bisa ng panitikang panrehiyon ay ang panloob na paningning na nagpapalalim at

nagpapatibay sa pag-ugat ng mga akda sa tradisyonal na kultura ng rehiyon. Ang prinsipal na bisa ng panitikang pambansa, ay ang palabas na paningning na nakabukas sa ibang kultura, katutubo man o dayuhan, na nagpapalawak sa repertoire ng kaisipan at pamamaraan na magagamit ng manunulat. (2000, 165)

Dapat daw ay "magpalitan ng bisa [upang] magiging mabulas at malago ang paglikha ng mga manunulat." (2000, 165)

Sabi rin ni Lumbera, hindi dapat alisin ang pagkahati ng panitikang pambansa at rehiyon. Ipinakikita raw ng panitikan ng rehiyon ang mga partikularidad ng buhay at karanasan sa mas makitid na balangkas ng rehiyon habang sa pambansang panitikan pinadadaloy ang mas malakihang sakop at mas malawak na perspektiba. Nagbigay rin siya ng *caveat* na hindi dapat isipin na superyor ang pambansang panitikan sa panitikan ng mga rehiyon, o na ang panitikan ng rehiyon ang siyang hindi mga nakasama sa pambansang panitikan (2000, 156).

Higit dalawampung taon na ang nakaraan noong sinulat ito ni Lumbera. Dapat pa kaya ito? Tulad ng isinaad sa simula, walang panitikang pambansa kung walang panitikang rehiyon. Ang panitikang Bikol, tulad ng panitikang Bisaya, Mindanawon, o Iloko, ay pambansang panitikan at may sariling bisa at ningning, paloob man o palabas. Maganda ang sinabi ni Resil Mojares tungkol dito.

The centering idea of a "national history," "national literature," or "nation" is a claim against the reality of many unaggregated, dispersed, and competing versions of community... We need to calculate how the fullness and health of the body is diminished and imperiled by the neglect or suppression of its parts. (307)

May kasabihang Pilipino na akma rito: Ang sakit ng kalingkingan ay sakit ng buong katawan.

Diskurso ng demokrasya ang rehiyon, ang mula sa tao para sa tao. Sa postmodernismong diskurso, *grand narrative* ang bansa, at *multiple narratives* ang mga rehiyon at hindi ito makahon o magahum ng diskurso ng bansa. "Unity in diversity" nga, sabi sa Ingles.

Mas makabubuti malamang kung huwag ng isipin ang bansa at rehiyon bilang baynari, bagkus ay isipin na

lang gamit ang mga talinghaga. Una, maaring isipin ang panitikang Bikol at ng mga rehiyon bilang mga sapa at ilog, tulad ng Ilog Naga at Inarihan na dumadaloy tungo sa mas malaking Ilog Bikol at naghahalo-halo sa iba't ibang bahiya at golpo ng San Miguel, Ragay, at Lagonoy, sa Philippine Sea at West Philippine Sea kasama na ang Benham Rise, na pumapalibot sa kapuluang kapaligiran. Dito makikita ang paghahalo ng tubig; ganoon ang mangyayari kung ibig maging isang bansa ang Pilipinas at ang panitikan nito.

Ikalawang talinghaga upang iwaksi ang baynari ng bansa/rehiyon o ng sentro/rehiyon sa panitikan ang habi, na ang bawat hibla't kulay, litaw o pansinin sa pangkalahatang hinabi. Hinahabi pa ang banig ng pambansang panitikan ngayon, gamit ang sariling mga salita't wika, upang maging maganda, makulay, at may gamit, at makasama sa kabuuang disenyo ang maurag, magayon, at mabansay na salita ng panitikang Bikol.

Tingnan din ang mga maringal na talinghaga ni Mojares na sumipi kay Ernest Renan:

“creating a ‘nation’ requires a shared amnesia. To imagine our oneness requires that we forget our differences” ngunit *“there are things that we forget only at the cost of diminishing the kind of nation we can be”* (308). Sinabi rin niya na ang pagmumulto ng nawawalang kaluluwa ng nasyon ang tutulong sa pagbubuo ng bansa. *“While it is the soul a writer seeks, it is in the haunting of its absence that he does his best work. It is in this haunting that the nation will be created”* (311).

Pagkain naman ang talinghaga na pinakapayak at madaling maintindihan dahil nakakawing ito sa parehong pangangailangan at kasiyahan sa buhay. Sigurado naman na ang panitikan ng Bikol ang magbibigay ng anghang ng sili at tamis ng pili, kung gayon, dagdag na lasa sa handaan ng panitikan ng Pilipinas.

Wika at Panitikang Bikol

Sa totoo lang, kahit mga Bikolnon, nalilito sa tanong na ‘Ano ba ang wikang Bikol?—ano pa kaya ang galing sa ibang rehiyon. Ang Bikol, hindi wika kundi *mga* wika, diyalekto, at varyant na wika ng mga nakatira sa Timog Luzon, sa partikular, sa Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Sorsogon, at sa dalawang

probinsiyang isla na Masbate at Catanduanes. Hindi iisa ang wikang Bikol kung hindi, apat, 12 diyalekto, at ilan pang sub-dialect batay sa pag-aaral nila Jason Lobel at Fr. Wilmer Tria (2000).

Katulad ng isinaad sa naunang seksiyon, ang Panitikang Bikol naman ay panitikan na sinusulat ng mga taga-Bikol ukol sa Bikol, sa iba't ibang uri man ng Bikol, sa Filipino, sa Ingles, o Kastila. Namulaklak ang panitikang Bikol, na relihiyon ang karaniwang laman, sa panahon ni Bishop Francisco Gainza, O.P., Obispo ng Nueva Cáceres (Naga) mula 1862 hanggang 1879. Kastilang prayle na kasapi ng samahang Dominikano si Bishop Gainza, at marami siyang nalathala na sermon at sulatin (Alarcon 217-219; Gerona, 92). Muling namulaklak noong 1920s-1950s ang pagsulat sa mga Bikol Sentral, ngunit naudlot sa kalahating bahagi ng dekada ‘50 nang kumapit na ang kuko ng imperyalismong Amerikano sa kultura ng rehiyon. Mas kumiling na noon sa Ingles at Tagalog ang mga Bikolnon dahil ito na ang mga naging wika ng mga paaralan at mamahayag. Pumungas-pungas muli ito noong 1980s dahil may mga masigasig na Bikolista at tuluyang gumising noong 2000 sa pagbunsod ng unang komperensiyang Pagsurat Bikolnon. Tuloy-tuloy nang namulaklak ang panitikang Bikol hanggang sa kasalukuyan, batay sa bilang at kalidad ng mga lathalain na Bikolnon, hindi lang sa mga wikang sentral ng Naga o Legazpi, bagkus ay sa iba't ibang wikang Bikol. Namumunga na rin ito sa ibang larangan tulad ng pagsasalin, at ibang uri ng sining, dula, sining biswal, pelikula, at musika. Napepreserba at napag-aaralan muli ang mga lumang salita sa iba't ibang wika ng Bikol.

Pansinin na ang 1930s at 1980s panahon ng pagsisikwal, una sa mga Espanyol, at pangalawa, sa diktaduryang Marcos ang siyang panahon rin ng pamumulaklak ng panitikan at wikang Bikol. Panahon ito ng paglaya tungo sa demokrasya, elitista mang uri ng demokrasya o hindi.

Sa unang mga pananaliksik tungkol sa panitikang Bikol, nasabing dapat isali ang literaturang nakasulat sa Bikol sa mga palihan tulad ng Palanca, na magkaroon sana ng magasin na *Bikolana* tulad ng *Bisaya* at *Bannawag* ng *Liwayway* upang madagdagan ang venue sa paglalathala. Sa pagbalik-tanaw ngayon, tila patetiko na ang kahingian na ito, para bagang hinaing ng biktima, “bakit absent kami, bakit salimpusa lang sa diskurso ng pambansang panitikan ang panitikang

Bikol?”

Nagkaroon ng pagbabago ng pananaw noong ilathala ang *Sagurong* (2011), antolohiya ng 100 tulang Bikol ng De La Salle University para sa centennial nito. Kinuha bilang modelo ang *Burak An Dahon Panrawitdawit* ni Gode Calleja, na kinatutuwaan kahit walang salin. Walang salin ang mga tula sa *Sagurong*. Nasundan ito ng ilan pang librong walang salin tulad ng *Hagong: Mga Osipon* (Santos 2012), antolohiya ng maiikling kuwento sa Bikol, *Pinagrok* (Jacob 2014), *Matalasay na Dila* (Jacob 2016) at ng *Girok: Erotika* (Kabulig 2017) na mga walang salin din.

Noong hindi na masyadong inisip na maisingit sa Sentro ang panitikang Bikol at tumutok sa paghubog ng mga mambabasa sa Bikol mismo, mas nagkaroon ng sariling buwelo ito. Kahalintulad ng peminismo, na nagkaroon ng *A Room of Her Own*, o *Silid na Mahiwaga*, kailangan ng Panitikang Bikol ng sarili niyang silid upang magsulat at mabasa. Kaya ngayon, hindi prioridad, bagkus ay resulta ng mga pagsisikap na ginagawa sa pagpapanday ng panitikang Bikol ang anumang magasin tulad ng *Bannawag* o *Bisaya* sa hinaharap. Ngunit baka hindi naman talaga pangangailangan ito ngayon dahil may iba nang daluyan ng panitikang Bikol.

Ang Panitikang Bikol sa Panitikang Pambansa

Sa tanong na kung ano ang papel o responsabilidad ng panitikang Bikol sa pagbuo ng panitikang pambansa, isipin ang nangyari sa Europa noong Kalagitnaang Panahon, Middle Ages, kung kailan nangibabaw ang Latin na wika ng panitikan. Tanda ng parating na Renaissance ang pamumulaklak ng panitikan na nakasulat sa iba't ibang lokal na wika, ang Cid ng Espanya, ang Troubadours ng Pransiya, ang Nibelungenlied sa Alemanya, ang Canterbury Tales sa Inglatera, ang Divina Komedy na sinulat ni Dante sa wika ng Tuscany at hindi sa Latin. Protesta at paglaya mula sa medievalism, ecclesia, at asetismo ang mga bagong panitikan sa mga wika ng mga bansa. Mas naintindihan na at nasiyahan ang karaniwang tao sa mga panitikang bernakular, kung ihambing sa panitikang pang-iskolar na Latino. Dahil naintindihan nila ang bagong panitikan na ito, gumising ang puso't diwa ng mga bansa ng Europa at ng Europa sa kabuuan at nagkaroon sila ng Renaissance.

Ganoon din ang maaaring mangyari sa panitikan ng Pilipinas. Kung payayabungin ang panitikan ng mga rehiyon, na mas naintindihan ng mga karaniwang tao mismo sa mga bayan at lalawigan nila, protesta man ito sa gahum ng Sentro, ay kontribusyon naman ito sa mas pantay na pagpapaunlad, at pagpapanday ng tunay na panitikang pambansa.

Kaya batay sa inilistang mga konsepto sa simula ng papel, **unang responsabilidad** ng panitikang Bikol **ang pagpapalakas sa sarili**. Kailangang tuloy na palakas in at payabungin ang panitikang Bikol at huwag payagan na maudlot muli tulad ng nangyari noong dekada 50.

Kasama sa pagpapalakas ang pagpapalitaw ng **estetika** nito, na sa panimulang pagsusuri, ay ang **orag** at **osong**, ang panitikan na naglalantad ng kasamaan o bisyo sa mga salitang balintuna, masiste, mapanukso, mapanuya at may katatawanan—SATIRE sa Ingles (Santos 2007). Makikita ito sa mga mema sa social media, at talas sa pagsusulat ukol sa mga nangyayari, sa dahilang may konsiyensiya at pagmamahal sa mahihirap at bayan ang mga may konsiyensiyang manunulat, sinsero, dahil mayroon din namang sumasakay lamang sa mga isyung ito dahil uso, o para mas sumikat ang indibidwal. Napapansin ang satira sa mga sulatin ng mga batikang manunulat na Bikolnon tulad nina Abdon Balde Jr., Raffi Banzuela, Marne Kilates, at Frank Penones Jr.

Sabagay, sa kritikal na panahon ngayon, kung kailan hinahamon na naman ang karapatang pantao at kalikasan ng mga kurakot at mamamatay-tao sa pamahalaan, tatalas muli siguro ang mga pluma at kikilos ang mga manunulat hindi lamang bilang reaksiyon bagkus ay upang harapin ang mga isyu. Tungkol pa rin sa estetika, nariyan ang sinasabing **gayon at ugay** tungo sa **pagkabansay**, mga konseptong mas maaring bigyan ng eksposisyon nina Adrian Remodo, Jazmin Badong Llana, at Vic Nierva (Valiente at Gonzaga, 2017).

Pangalawa, palawigin pa ang panulat, at ilang hakbang ang dapat gawin para rito, sabay-sabay kung maaari.

Pinakamahalaga, mas ilapit ang panitikang Bikol sa mga **interes ng batayang sektor, sa tema at sa wika**. Hindi ibig sabihing gawing *grim and determined*, ikahon sa *social realism* o pagkamilitante ang mga tula at kuwento, dahil hindi naman dapat mawala ang salik ng kasiyahan sa panitikan. Hindi rin ibig sabihing

gawing kasiyahan lamang na walang laman tulad ng ilang teleserye. Sa halip, talakayin naman sana ang mga batayang hinaing at kahingian ng masang Bikolnon, at hindi lamang ang indibidwal na angst at demonyong kumukulo sa loob ng mga manunulat. Noong 1940s pa ang debate ni Jose Garcia Villa at S.P. Lopez tungkol dito. Balikan sana ang papel ng manunulat bilang konsiyensiya ng lipunan, na magkaroon ng katapangan na labanan ang pagkawala ng katwiran at hustisya. Pag-isipan sanang mabuti kung paano maaabot ang mga mambabasa at nakikinig sa batayang sektor ng mga parauma (magsasaka), mangingisda, sidewalk vendor, nagta-traymobile at padyak, maybahay, kasambahay, mag-aaral, guro, mga katutubo, at ang mga kahingian at pangangailangan nila, hindi lang upang panandalian silang mapatawa o mapamangha, ngunit upang makapaglimi rin sila, at sa tamang panahon, mapukaw upang kumilos. Ginagawa na ito sa mga plaza at radyo, ngunit maaari pang dagdagan ang mga aktibidad sa pamamagitan ng tirigsikan sa barangay at radyo, sa mga dula tulad ng dinadala ni Lina Regis sa mga isla, baybayin, at kagubatan, o mga dula sa kalye tulad ng kay Jo Bisuna, Jaz Llana, Buboy Aguay, at Reynaldo Jamoralin noon, at ginagawa ngayon ng grupong pang-teatro na Sining Banwa. Kaakibat nito, dapat pang masanay ang mga kabataan na manunulat sa kolektibong paglilikha, tulad ng ginagawa ng mga taga-teatro na nabanggit, at ng nasa UG at kabundukan. Maaari ring maglagay ng mga rawitdawit (o tula) sa mga trimobile tulad ng ginawa ng ABKAT sa Tabaco, Albay, o sa barangay hall, palengke, mga terminal ng sasakyan, bus at tren.

Akma ang tula ni Otto Rene Castillo na “*Intelectuales Apolíticos*.” Darating daw ang araw na tatanungin ng karaniwang tao ang mga intelektuwal:

“Ano ang inyong ginawa
nang naghikahos ang mahihirap
nang ang pagtitimpi
at buhay ay naupos sa kanila?”

Ngunit hindi na kailangan pang pumunta sa Guatemala ni Castillo. Magbalik-tingin na lang sa panata ng mga manunulat noong unang Pagsurat Bikolnon 2000:

NANINIWALA, na ang mga nasa sining,
at mga manunulat sa partikular, kailangang

makiisa, kung hindi man manguna, sa pagpupursigi sa pagbuo ng lipunan na may kalayaan, kapayapaan, at paggalang sa kapuwa nilalang at sa daigdig;

NANINIWALA, sa potensiyal ng panitikan at mga manunulat sa pagbuo ng haraya at pagmamahal sa rehiyon Bikol;

NANINIWALA, sa pangangailangan na mailarawan ang partikular na sitwasyon ng rehiyong Bikol, na nakasandig sa kasaysayan, kultura, at mga panaginip ng mga Bikolano galing sa pagtingin, kaisipan, at karanasan ng mga Bikolnon, sa paraan ng literatura;

NANINIWALA, sa pangangailangan na maitulak ang kakayahan, kapakanan, at hinaharap ng mga manunulat sa wikang Bikol, at ang panitikang Bikol sa pamamagitan ng mga sapat na hakbang na masagot ang mga pangangailangan at paniniwala na aming ipinahahayag dito. (Sariling salin)

Bilang pagbubuod, kaalinsabay ng responsabilidad ng panitikang Bikol na palaguin ang sarili, ang responsabilidad din na ugatin ito sa batayang sektor. Kasama ng isyu ng lahi at uri, isama rin sana rito ang kasarian at seksuwalidad dahil sagigilid na sektor din ang mga iyan.

Liban sa pagpapalalim, dapat na sikapin na *maabot ang buong rehiyong Bikol* at sa lahat ng lugar na may nakababasa ng Bikol.

Dapat magsipag pa sa diseminasyon sa mas malawak na publiko, at sa mga lugar na malalayo sa mga siyudad at sentro ng Bikol, hindi lang sa mass media at Internet o paaralan. Sana’y makatulong ang mga LGU sa mga barangay at munisipyo at ang ibang rehiyonal na kagawaran sa gawaing ito. Sabayan halimbawa ang pagtulong sa paghahanapbuhay (livelihood) ng gawaing kultural tulad ng mga pagbabasa ng tula, mga palihan, kompetisyon at *sa diseminasyon ng Bikoliana* upang mailagay ang mga ito sa mga paaralan, mga opisina ng barangay at munisipyo, aklatang pampubliko, kainan, mga tindahan sa palengke, bus at airport terminal, atbp. Huwag dapat malimita sa mga okasyon tulad ng buwan ng sining at buwan ng panitikan upang mahasa ang panulat at wika.

Dapat may mga proyekto para sa diseminasyon ng panitikan at mas maitaguyod ang mga manggagawang kultural at asosasyon katulad ng Kabulig-Bikol Inc., ABKAT, Ateneo de Naga U.P., Sining Banwa, ang

barangay Sumlang sa Camalig, Albay, at iba pa, lalo na ang mga nagsisilbi sa batayang sektor. Hindi dapat bumagsak lamang ang kabuluhan ng lokal na kultura sa magarbong street festivals na napakaliteral: itong may nakabihis-talong sa Talong Festival, o alimango sa Alimango Festival, o sili sa Sili Festival ad nauseam makauyam.

Ikatlong hakbang sa pagpapalawig, *patagusin pa ang mahusay na panitikang Bikol sa edukasyon*. Maganda sana ang utos ng CHED noon na isama ang panitikan ng mga rehiyon sa kurikulum. Ngunit hindi pa nga ito naisasakatuparan sa lahat ng kolehiyo sa Bikol, inalis kaagad dahil sa pagbabago sa sistema ng edukasyon, nang pumasok ang K-12 at papasok ang bagong kurikulum ng CHED.

Ang munting konsuwelo, may *kalahating* subject na 21st Century Literature sa Senior High School na panitikan ng rehiyon ng mga high school ang pag-aaralan, kaya Panitikang Bikol ito sa Bikol. Ngunit kailangan pang magpursigi upang maisama ang pag-aaral ng panitikang Bikol sa mga kurikulum, hindi lang sa MTB MLE ng K-III na hindi nga kabisado at litong-lito pa ang mga guro, dahil hindi naman nila ito napag-aralan sa kolehiyo, at pinoprotestahan pa ng mismong mga magulang sa pribadong paaralan dahil mas gusto nila ang Ingles at Filipino dahil sa kinalakhan at oryentasyon nila. Hindi rin sa Senior HS lamang, kung hindi sa bawat baytang ng elementarya, mataas na paaralan, kolehiyo, unibersidad at Graduate School. Kaakibat nito, kailangan na kailangan pa ng pagsasanay ang mga guro.

Kailangan din na udyukin ang pananaliksik sa panitikang Bikol at pabuweluhin ang kritisismo. Nasimulan na ito ng ilang manunulat mula sa unibersidad, ngunit kailangan pa itong palaguin. Dapat ding malathala ang pinakamahusay na saliksik at kritisismo sa mga peryodiko sa kampus at sa komunidad, sa journal at aklat, at masinop ang mga audio, video, sa CD Rom, at mga website upang mai-archive ang mga ito.

Pang-apat na hakbang, kailangang patuloy na *magsalin* upang mabasa ang mga akdang Bikol sa ibang lugar at mailagay sa mapa ng panitikang pambansa at ng daigdig. Sa ngayon, maraming mula sa ibang wika ang sinasalin—kay Rilke, Donne, Kafka, Čapek, Gibran, St. Exupery, Wilde, Collodi, at Shakespeare halimbawa. Napayayaman ang

diskursong Bikol sa paghahanap ng lokal na termino sa pagsalin mula sa mga wikang Ingles, Aleman, Pranses, at Czech at napaaabot sa mga Bikolnon na mambabasa ang mga klasikong panitikan. Ngunit bigyan din sana ng mas masusing pansin ang pagsasalin mula sa Bikol tungo sa Filipino at Ingles upang mabasa rin ang mga panitikan ng mga nasa labas ng rehiyon. Nasimulan ito sa ilang aklat tulad ng *Hagkus*, *Maharang Mahamis*, at mga aklat nina Rodolfo Alano, Frank Peñones, at Vic Nierva na may salin sa Ingles, ni Kristian Cordero sa pagsasalin ng mga tulang Bikol sa Filipino, at ni Marissa Reorizo Redburn sa kaniyang mga maikling kuwento sa *Dain Linaw an Hinaw* (2016) mula Bikol sa Ingles. Sa pandaigdigang larangan naman, naumpisahan na ito sa tulong ng embahada ng Republikang Czech. Kasama sa antolohiyang Czech na *Kuřata v hadí kleci* (Mga Sisiw sa Kulungan ng Ahas), na pinamatnugutan nina Silvie Mitlenerová at Jaroslav Olsa Jr. ang dalawang maikling kuwentong sinulat nina Luis Cabalquinto at Frank Penones Jr. Panloob at panlabas na sining ang panitikang sinulat ng Bikolnon.

Pangatlong responsabilidad ang pagtulong sa pagpapalakas ng panitikan ng ibang rehiyon. Sa malalaking panliteraturang komperensiya tulad ng Taboan, sinasabi na sulong ang panitikang Bikol kung ihahambing sa ibang panitikan mula sa rehiyon sa labas ng Maynila. Natatanong ang mga manunulat sa Bikol kung paano ito nagagawa. Siguro, sa Luzon, talagang sumusulong ang panitikang Bikol dahil sa pagsisipag ng mga manunulat, at ngayon sa paglalathala at pagpapalawak ng mga pagsisikap. Tulad ng nabanggit, namanata ang mga manunulat na Bikolnon noong 2000 na gawin ito. Ano kaya kung gawing halimbawa sa ibang rehiyon ang pagsisipag ng mga manunulat at manggagawang kultural sa Bikol? Ibahagi sa ibang rehiyon ang ginawa at patuloy na ginagawa sa rehiyong Bikol, sa mga bayan at siyudad na ito.

Kaakibat nito, maaring magbunsod ng mga talakayan at pagpapalitan sa pagitan ng mga rehiyon na hindi na kailangang dumaan pa sa Maynila upang mas magalugad ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga wika at kultura. Halimbawa, matagal ko nang mungkahi na magkaroon ng programa ng pagpapalitan ang mga Ilonggo at Bikolnon na manunulat, halimbawa sa pagitan ng Universidad de San Agustin at Ateneo de Naga University, dahil

parehong inaangkin ng Bikol at Iloilo si Mariano Perfecto na may imprenta sa dalawang rehiyon. Maaari, kung gayon, matiyak kung orihinal o salin sa Bikol o sa Hiligaynon ang ipinagmamalaking mga kuwento at sarsuwela sa mga lumang magasin sa dalawang lugar. Mainam din na magkaroon ng pagpapalitan ang mga Maranao at Bikolnon, lalo na itong sa Daraga, Albay at iba pang kostal na lugar ng Bikol, na may pagkahalintulad daw ang pagkain at ibang mga salita.

Sentro at Panitikang Rehiyon

Ano naman ang papel ng Sentro, dahil wala namang Panitikang Bansa pa, sa pagbubuo ng panitikang rehiyon?

Ginagawa na ito ng KWF, Pambansang Komisyon para sa Kultura at Sining (NCCA), at Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP) sa pamamagitan ng mga komperensiya, palihan, at pagpopondo sa mga aklat at proyekto sa mga rehiyon. Kapansin-pansin na binigyan ng prioridad ng CCP ang mga rehiyonal na teatro sa isang gawad nito kaysa teatro sa Maynila. (CCP 2017). Kung бага sa Simbahang Katoliko, *preferential option for the poor*, o sa Kanluran, *affirmative action*; para sa Pilipinas, *preferential option* para sa mga rehiyon. Nabibigyan din ng espasyo ang literaturang panrehiyon sa mga progresibong unibersidad tulad ng De La Salle University. Ang malungkot na kabalintunaan, wala ito sa kurikulum ng mga unibersidad sa mismong rehiyon.

Dapat ipatuloy at dagdagan pa ang mga pagsisikap na maging inklusibo ang pagtataguyod ng panitikan at sining. Habang nilalakad ang suporta sa mga pambansang kagawaran sa kultura tulad ng NCCA at CCP, maaari pang ayusin ang mga koneksiyon at suporta galing sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), mga paaralan, tourism council, NGO, at mga lokal na gobyerno na dapat nga sana, magbuo ng mga sanggunian para sa sining at kultura. Hindi dapat maging isyu ang paghingi ng suporta sa lokal na gobyerno dahil pera naman ng sambayanan ang gagamitin na para rin sa sambayanan. Hindi lang dapat magpagamit ang mga manunulat sa politiko para sa sariling interes nila. Lakarin din sana na makilala ang pagsusulat bilang isang propesyon at hindi pang-aliw lamang, at dagdagan pa ang mga palihan, fellowship,

at paligsahan para sa panitikan at kulturang Bikol. Tulad ng nabanggit, mas bigyan din ng suporta ang mga manggagawang kultural na matagal na nagsisilbi sa rehiyon kahit walang pondo.

Sa kabilang banda, responsabilidad naman ng mga organisasyon at indibidwal na nasa rehiyon na hanapin at pitasin ang mga pagkakataong ibinigay ng mga pambansang institusyon. Kulang pa, hindi naman wala, ang inisyatiba ng mga galing sa Bikol na sumali at humanap ng pondo para sa proyekto nito. Kung tatanungin sila kung bakit ganoon, hindi naman daw sila mukhang pera at kayang mag-pro bono puro abono; para naman sa masang Bikolnon ang ginagawa nila, na may kaunting yabang pa ang pagsabi; hindi sila marunong gumawa ng project proposal; o napakalaking abala ang aplayan ang mga gawad.

Sabagay, madaling maintindihan ang sinasabi nilang ito, dahil hindi nakararating kaagad sa mga rehiyon ang mga paanyaya o tawag para sa proposal, buhol-buhol pa ang red tape sa gobyerno, at madalas na maliit ang pondo. Abala rin talagang makakuha ng akreditasyon; kahit mga asosasyon na boluntaryo lamang ang mga kasapi, kung hindi rehistrado sa SEC at BIR, madalas na hindi mapondohan ang proyekto. Halimbawa na lang, may ilang non-profit na asosasyon ng mga manggagawang kultural na nagparehistro sa SEC at BIR, kasama na ang Kabulig Bikol, Inc. Pinagbilinan na bumili ng resibo na ginawa naman. Hindi pa nagagamit ang resibo, kailangan na kaagad palitan sa susunod na taon dahil may bagong panukala ang BIR. Hindi rin pala puwedeng mag-aplay para sa pondo kung walang DSWD permit, kaya nawalan ng gana ang mga grupo na mag-aplay para sa proposal, nagastusan lang ng salapi at panahon na kumuha ng akreditasyon. Kaya sa sariling bulsa na lang bumubunot ng panggastos sa mga aktibidad, at umaasa sa mga kaalyado sa ibang bansa.

May impresyon din na sobrang huli ang mga tawag para sa proposal sa mga rehiyon upang mas masentro sa National Capital Region ang pondo. Halimbawa, para sa Buwan ng Sining 2017, nalaman ng mga taga-Bikol na may grant, isang araw (working day) lang bago ang deadline. Ipinadala ng Huwebes, walang pasok pag Biyernes sa opisina ng nagbibigay ng grant, at kailangang isumite ng Lunes. Ang sunod na taning na ibinigay, dalawang oras naman: sumulat ng tanghali at dapat daw sumagot bago mag-alas dos ng hapon. Kababagyo pa naman kaya lagi na lang

brownout sa rehiyon; gabi na bumalik ang koryente at Internet, kaya kinailangang humirit at tumawad pa upang makakuha ng ekstensiyon. Malayo talaga ang mga rehiyon sa kuron.

Hinaharap ng Panitikang Bikol

Maganda ang hinaharap ng panitikang Bikol, batay sa mga tinalakay rito. Liban sa magagandang tanda ng patuloy na pagyabong nito ang kritikal na kalagayan sa kasalukuyang panahon.

Sisipiin muli rito si Mojares na nagsabing sinira raw ang kaluluwa ng Pilipinas ng kolonyalismo, “*shock, seduction, and sin*.” Sa kabilang banda, ito naman daw ang mga “*elements in the field in which creativity flourishes for so long as we can (and we surely shall) prove ourselves strong enough to weave the various strands of our shared life into a stronger sense of self and nation, a fuller and richer soul*.”

Nariyan pa rin ang kolonyalismo, at marami pa namang hamon sa ating panahon: kahirapan, korupsiyon, patayan, panggigipit, pasismo, kasinungalingan, at marami pang iba. Nagdadala rin ang mga ito ng pagkahilakbot, pagkarahuyo, at kasalanan. Mas pinaigting nito ang papel ng manunulat sa tunggalian ng mga may hawak ng kapangyarihan. Masakit man sa puso at katawan, pinatatalas naman nito ang mga pluma at salita nina Juan at Juana Osong, kasama na ang mga milenyal na anak nila, at mamamayagpag ang paglilikha ng panitikang Bikol.

Mahanap nawa ng mga manunulat ang salik na mag-uugnay sa kanilang mga panulat at sa kamalayan ng rehiyon na siya ring kamalayan ng bayan. Saka lamang magiging pambansa ang panitikan kung napag-uugnay nito ang puso ng rehiyong Bikol at iba pang rehiyon tungo sa pambansang mga panulat na iniluluwal ng kanilang mga pluma.

Sanggunian

- Abbahil, Abdulsiddik A. “The Bangsa Moro: Their Self-Image and Inter-Group Ethnic Attitudes,” *Dansalan Quarterly* V.4: 197. Print.
- Alano, Rudy. *Mga Kauntokan: Pinili asin Binikol na mga Berso*. Naga City: Ta-orbitz, 2012. Print.
- Alarcon, Fr. Rex Andrew C. “Gainza and Bikol.” *Camarines by the Vicor River*. Inedit nina Jose Fernando P. Obias, Danilo M. Gerona at Fr. Danilo T. Imperial. Camarines Sur: The Office of the Governor, 1999. Print.
- Bayot, David Jonathan Y. *Isagani R. Cruz and the Other Other*. Manila: The Mandarin Edition, 1996. Nakalimbag.
- Castillo, Otto Rene. “Intelectuales Apoliticos.” *Cuaderno de Resistencia*. Web. 2 Hulyo 2017.
- Castrillo, Pamela R., Don Pagusara, at Macario D. Tiu, mga ed. *Philippine literature: a Mindanao reader*. Experimental edition. Davao City, Philippines: Research and Publication Office, Ateneo de Davao University, 2005. Print.
- Commission on Higher Education. Technical Subcommittee on Literature, Technical Panel on Humanities, Social Sciences, and Communication. *Ang Literatura ng Filipinas*. Manila, 1997. Print.
- . Memorandum Order No. 59 series of 1996. New General Education Curriculum (GEC). Web. 2 Hulyo 2017.
- . Memorandum Order No. 44 series of 1997. Policies and Standards for Humanities, Social Sciences and Communication Education (HSC). Web. 2 Hulyo 2017.
- Cordero, Kristian Sendon, ed. *An Satuyang Kakanon sa Aro-Aldaw*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2015. Print.
- Cultural Center of the Philippines. The 2017 CCP Local Tour Grants Program. Manila: Cultural Center of the Philippines. May 2017. Web. 1 Hulyo 2017.
- De Quiros, Conrado. “Regions of the Mind.” *Philippine Daily Inquirer*. 31 Hulyo 1996. Print.
- . “Bikolano.” *Philippine Daily Inquirer*. Hunyo 1996. Printg.
- Gerona, Danilo. *The Lady of the Cimarrones*. Canaman: Bikol Historical Research Center, 2010. Print.
- Jacob, Estelito. *Pinagrok: Mga Piling Rawit-Dawit*. Naga City: Ateneo de Naga U.P., 2014. Print.
- . *Matalasay na Dila*. Naga City: Nirukitdukit Publishing House, 2016. Print.
- Kabulig Bikol, Inc. *Girok: Erotika*. Naga City: Kabulig Bikol, Inc., 2017. Print.
- Lobel, Jason William and Fr. Wilmer Joseph S. Tria. *An Satuyang Tataramon: A Study of the Bikol Language*. Lobel & Tria Partnership, Co., 2000. Print.
- Lumbera, Bienvenido. *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000. Print.
- at Cynthia Nograles Lumbera, mga ed. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Anvil Publishing, Inc., 1982. Print.
- , ed. *Filipinos Writing. Philippine Literature from the Regions*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2001. Print.
- Mojares, Resil. *Waiting for Mariang Makiling. Essays in Philippine Cultural History*. Quezon City: Ateneo de Manila Press, 2002. Print.
- Nierva, Victor Dennis T. *Antisipasyon* 2nd ed. Naga City: Ateneo de Naga U.P., 2012. Print.

- . “Bansay: In Search of Filipino Virtue.” 10th International Conference on Philippine Studies, Silliman University, Dumaguete City, 6-8 Hulyo 2016. Unpublished Conference Paper. Ateneo de Naga University, Naga City, 2016. Nakalimbag.
- Patajo-Legasto, Priscelina. “Literatures from the Margins: Reterritorializing Philippine Literary Studies.” In *Philippine Postcolonial Studies*. Inedit nina Cristina Pantoja Hidalgo at Priscelina Patajo-Legasto. Quezon City: University of the Philippines Press, 2004. Nakalimbag.
- Peñones, H. Francisco Jr. *Cancion nin Tawong Lipod*. Naga City: Ateneo de Naga U.P., 2014. Nakalimbag.
- Reorizo-Redburn, Marissa. *Dain Linaw an Hinaw*. Naga City: Reorizo-Redburn Press, 2016.
- Santos, Paz Verdades M. *Hagkus Twentieth Century Bikol Women Writers*. Manila: De la Salle UP, 2003. Nakalimbag.
- . “Orag bilang Estetikang Bikol.” *Malay*. 19.3: 27-42. April 2007. Manila: De la Salle University. Nakalimbag.
- . “Including Mindanao: A Review of Mindanao in Literature.” *Tambara* 26.1. 2009a. Nakalimbag.
- , ed. *Maharang Mahamis na Literatura sa mga Tataramon na Bikol*. Manila: DLSU Academic Publications Office, 2009b. Nakalimbag.
- at Kristian Cordero, mga ed. *Sagurong 100 Rawitdawit sa Manlain-lain na Tataramon Bikol*. Manila: DLSU Academic Publications Office, 2011. Nakalimbag.
- at H. Francisco V. Peñones Jr., mga ed. *Hagong: Mga Osipon*. Naga City: and Ateneo de Naga U.P., 2012. Nakalimbag.
- Valiente, Tito Genova. “Naturally Post-Modern: A Confluence of Bikol Poetry as Read in the Naturally Post-Modern Way.” *Gib'on IX*: 97–101. Ateneo de Naga University, 2011. Nakalimbag.
- at Dennis Bascuna Gonzaga. *Kabansayan Contemporary Arts from the Regions (Bikol)*. Naga City: Ateneo de Naga U.P., 2017. Nakalimbag.